



Nangungunang Makiramay

Week 1

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Gaano mo kaalam ang mga pangyayari sa bansa? Ano ang madalas mong pagtugon?
- Anong mga pangangailan ng iyong bansa at komunidad ang pinagdarasal mo? Ano ang kinalabasan ng mga ito?
- Ano sa palagay mo ang mga pagkukulang ng ating mga kababayan? Papaano mo ito tinutugunan? Papaano ka nakikiisa dito?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Ano ang nagbibigay sa iyo ng pag-asa na balang araw ay lubos na matatakan rin ng ating bansa ang kabulukan, kahihyan, at kahirapan?
- Ano ang praktikal mong maibabahagi sa pagtataguyod at pagbabalik ng mga makadiyos na pagpapahalaga sa lugar kung saan ikaw ay may impluwensiya?
- Papaano natin gagayahin ang halimbawa ni Nehemias ng pagkakaroon niya ng pakikiramay at pagkilos niya sa pagtatayo ng isang makadiyos na bansa?

NOTES

PRAYER

- Manalangin na palaguin ka ng Panginoon bilang isang makadiyos na halimbawa sa iyong pamilya, eskwela, trabaho, at komunidad.
- Hilingin sa Diyos na ilagay sa mga puso ng Kanyang mga tagasunod, kasama ang iyong grupo, ang kabigatang ipanalangin ang bayan.
- Itaas sa panalangin ang mga pinuno at yung mga nasa posisyon upang magdala ng pagbabago, pagkasigla, at reporma sa ating bansa, na magkaroon sila ng takot sa Diyos at talino upang makagawa ng mga epektibo at napapanahon na mga kapasyahan.

CONNECT

- Naranasan mo na bang makasira ng isang bagay at ito ay naayos mo rin?
- Nakakita ka na ba ng mga gawa ng sining, bahay, kotse, atbp. na naibalik sa ayos? Ilarawan ito.
- Sino sa mga namumuno sa gobyerno ang hinahangaan mo? Bakit?



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

WORD

³Sumagot sila, “Labis na nahihirapan ang mga nagsibalik sa Juda, tinutuya sila ng mga tao sa paligid nila. Hanggang ngayon, sira pa rin ang pader ng Jerusalem at sunog ang mga pintuan nito.”

⁴Nang marinig ko iyon, umupo ako at tumangis. Ilang araw akong nagdalamhati, nag-ayuno, at nanalangin sa presensya ng Diyos sa langit.

Nehemias 1:3,4

WHAT

What does the Bible say?

Si Nehemias ay tagahawak ng saro ng hari ng Persia, na may isang ginagalang at mainam na katayuan. Ngunit nang mabalitaan niya ang tungkol sa kinahinatnan ng Jerusalem, hindi niya ito binalewala lamang. Ayon sa talata, makikita natin ang tatlong katangian ni Nehemias na magsisilbing huwaran para sa atin upang ito ay magsilbing inspirasyon na maging daan tungo sa ating pakikiramay para sa pagbabago sa ating bansa.

- **Ang isang namumuno na may pakikiramay ay inaalang ang totoong kalagayan.**

Doon ay pumunta sa akin ang isa sa mga kapatid ko na si Hanani. Galing siya sa Juda kasama ang ilang kalalakihan. Tinanong ko sila tungkol sa Jerusalem at sa mga Judio na nagsibalik mula sa pagiging bihag sa Babilonia.

Nehemias 1:2

Nakakuha ng balita si Nehemias sa kanyang kapatid tungkol sa mga pader ng Jerusalem na hindi pa naaayos at sa uri ng pamumuhay ng Judea na puno ng lungkot at walang pag-asa. Ang naging tugon niya ay ang alamin ang totoong kalagayan upang siya ay makagalaw at makagawa ng paraan sa problema. Ano ang madalas nating tugon kapag nakakarinig tayo ng problema na pinagdadaanan ng ating bansa?

- **Ang isang namumuno na may pakikiramay ay nananalangin para sa bansa.**

Akong lingkod n'yo ay nananalangin araw at gabi para sa bayan ng Israel na mga lingkod n'yo. Pakinggan n'yo po ako at tugunin ang dalangin ko. . . .

Nehemias 1:6

Nang nalaman ni Nehemias ang nakalulungkot na kalagayan ng mga Judio, bumigat ang kanyang damdamin at nauwi ito sa kanyang pananalangin at pag-aayuno. Alam ni Nehemias na tanging ang Diyos lang ang makakaligtas at makakapagtanggol sa kanyang mga kababayan. May mga pangyayari sa Bibliya na nagpapakita na nakikinig ang Diyos kapag ang Kanyang bayan ay nananalangin para sa kanilang bansa (Ezekiel 22:30-31; Salmo 106:23; Jeremias 12:11). Ano ang iniuutos sa atin (1 Timoteo 2:1-3)?

- **Ang pinunong may awa ay nakikiisa sa kanyang kababayan.**

. . . Ipinapahayag ko sa inyo ang mga kasalanan naming mga Israelita, pati ang mga kasalanan ko at ng aking mga ninuno. ⁷Lubha pong napakasama ng ginawa naming sa inyo. Hindi namin tinutupad ang mg autos ninyo at mga tuntuning ibinigay sa amin sa pamamagitan ni Moises na inyong lingkod.

Nehemias 1:6,7
(Tingnan din ang Nehemias 1:8-10.)

Nakita ni Nehemias ang pangangailangan sa mga pagkakakilanlan niya sa mga kasalanan ng kanyang mga kababayan at ang kahalagahan ng isang pusong may pagsisisi upang dinggin ng Diyos ang kanilang mga panalangin (Salmo 66:18). Ginawa niya ito habang inilagay niya ang kanyang pag-asa sa pangako ng Diyos na Kanyang ibabalik ang Kanyang bayan sa kanilang lupain kung sila'y tatalikod sa kanilang mga kasalanan. Ano ang nakikita mo sa ating bansa ngayon na alam mong kailangan nating ihingi ng tawad bilang isang bayan?
